
5

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3

## Aralin 1: Impluwensiya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino




CO_Q3_AP5_Module3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Impluwensiya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorina C. Bulfa, Loida L. Castaňos, Janyfe I. Imboc, Estela G. Tinga
**Editor:** Hilda D. Olvina, Charity M. Nogra, Ruth T. Poblete, Elizabeth M. Deligero
**Tagasuri:** Emmanuel A. Gerardo,Ma. Morena A. Bendulo, Evangeline A.Gorduiz
**Tagaguhit:** Carlito B. Buctot
**Tagalapat:** Nadir M. Beringuel, Paulina Crescini
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Pedro T. Escobarte Jr.
Joel A. Zartiga
Liza L. Demeterio
Eduardo E. Legantin
Emmanuel A. Gerardo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Regional No. VIII**
Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3:
## Impluwensiya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi nagagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kungsinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan.May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kungsila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLMna ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Binago ng pananakop ng mga Espanyol ang kalagayang panlipunan ng mga Pilipino. Ilan dito ay sa aspekto ng panahanan, lipunan, at edukasyon. Nais mo bang malaman ang mga pagbabago sa lipunan sa ilalim ng panahon ng pananakop ng mga Espanyol? Kung gayon, basahin at unawain mo ang kabuuan ng modyul na ito.

Pagkaraang masunod ang lahat ng gawain ay inaasahang magagawa mo na ang sumusunod:

- Natatalakay ang impluwensiya ng pananakop ng mga Espanyol sa kultura ng mga katutubong Pilipino;
- Naitatala ang mga mahahalagang bagay na ipinakilala ng mga Espanyol; at
- Napapahalagahan ang impluwensiya ng pananakop ng mga Espanyol sa kultura ng mga katutubong Pilipino.

## *Subukin*

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik **T** kung ang pangungusap ay naglalahad ng tamang pahayag at **M** naman kung mali.

______1.) Natuto ang mga Pilipino na pahalagahan ang mga sakramento ng pananampalatayang Katoliko.

______2.) Ang relihiyong Paganismo ang kilalang pinakalaganap na relihiyon sa bansa sa kasalukuyan.

______3.) Nagbago ang mga kagamitan ng mga Pilipino kasama na ang pananamit. Natuto na silang mgasuot ng pantalon, sombrero, baro at saya.

______4.) Ang awiting “Sampaguita” at “Lupang Hinirang” ay mayroong impluwensya ng musikang Espanyol.

______5.) Ang mga paaralang pangsekondarya ay itinatag ng mga katutubo upang maihanda ang mga mag-aaral sa pagkuha ng iba’t ibang kurso sa kolehiyo.

______6.) Pagtuturo ng relihiyon ang sentro ng pag-aaral noon.

______7.) Natuto ang mga katutubo na magluto at kumain ng adobo.

______8.) Ang sarswela, moro-moro, at senakulo ay mga uri ng dulang impluwensiya ng mga Espanyol sa mga Pilipino.

______9.) Hindi nagbago ang estilo ng gusali at mga tahanan ng mga Pilipino noong dumating ang mga Espanyol.

______10.) Mayroong mga salitang Espanyol na ginagamit pa rin hanggang ngayon.

# Aralin 1 Impluwensiya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino

Maraming pagbabago ang naganap at patuloy na nagaganap sa takbo ng buhay ng mga mga Pilipino. Sa bawat pagbabagong ito ay maaaninag ang bawat impluwensiya ng mga nagdaang sumakop sa ating mahal na bansang Pilipinas.

Kung kaya, sa araling ito, ay lubos pang ipauunawa sa bawat mag-aaral ng ikalimang baitang ang mga kadahilanan kung bakit nasasalamin sa ating mga Pilipino ang mga bagay, gawi, at pag-uugali ng mga Espanyol sa ating bansa gayun din sa ating mga kultura at tradisyon bilang pagkakakilanlan ng ating lahi.

## Balikan

Panuto: Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang mga dahilan kung bakit hindi nagtagumpay ang mga Espanyol sa pananakop ng mga katutubong Pilipino. Isulat ang tamang bilang sa sagutang papel.

1. Naging mahirap sa mga misyonero na tunguhin madalas ang bulubundukin ng Cordillera.
2. Naging madaling natalo ang mga Muslim sa timog ng Pilipinas.
3. Nagkaroon ng kakulangan sa misyonerong Espanyol na maaaring ipadala sa mga lalawigan.
4. Mahalaga sa mga Muslim na mapanatili ang Kalayaan.
5. Naging mahirap para sa mga sundalong Espanyol na ipinadala sa Cordillera ang pagtalo sa mga mandirigmang Igorot dahil hindi nila kabisado ang pasikot-sikot sa bulubunduking lugar.



***Mga Tala para sa Guro***


Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapaki-pakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.

# *Tuklasin*

Panuto: Ihambing ang mga larawan na nasa Hanay A sa mga pangalan na nasa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | | B |
|---|---|---|
| 1.) |  | A.) Bahay na Bato |
| 2.) |  | B.) *Plaza* |
| 3.) |  | C.) Kabisera |
| 4.) |  | D.) Adobe |
| 5.) |  | E.) Bato at Buhangin |

## Suriin

### Pagbabago sa Lipunan sa Ilalim ng Panahong Kolonyal

Malaki ang pagbabago sa buhay ng mga Pilipino dulot ng impluwensiya ng mga Espanyol. Ang mga pagbabagong ito ay masasalamin sa iba't ibang aspekto ng ating kultura.

**Kasuotan**

- Pagsusuot ng sombrero, salawal, pantalon, at sapatos ng mga Pilipinong lalaki. Ang mga babae naman ay natutong magsuot ng terno, palda, at kamisang maluluwag ang manggas.

**Pagkain**

- Pagluluto at pagkain ng mga putaheng gaya ng *menudo*, *pochero*, adobo, *estofado*, *embotido*, asado, *relleno*, *afritada*, at iba pa.

**Arkitektura**

- Pagbabago sa estilo ng mga gusali at mga tahanan. Paggamit ng mga bato, mga ladrilyo, at matitigas na kahoy tulad ng mulawin at *narra*.

**Relihiyon**

- Paglaganap ng Kristiyanismo sa buong kapuluan na kinikilalang pinakamalaganap na relihiyon sa bansa sa kasalukuyan.
- Pagpapahalaga sa mga sakramento ng pananampalatayang Katoliko tulad ng binyag, kumpisal, komunyon, kasal, at bendisyon sa may sakit at pumanaw.

**Edukasyon**

- Pagpapatayo ng mga paaralang pamparokya na pinamahalaan ng mga prayle o kura paroko, kung saan ang pagtuturo ng relihiyon ang sentro ng pag-aaral.

**Pamahalaan at Pamayanan**

- Pagtatatag ng pamahalaang sentralisado na pinamunuan ng gobernador-heneral kung saan ang mga barangay ay pinagsama-sama upang gawing *pueblo*, o bayan, at ang pagsama-sama naman ng mga bayan upang maging lalawigan.

**Musika, Sayaw at Sining**

- Pagkatuto ng mga Pilipino ng mga sayaw na Espanyol tulad ng *fandango*, *rigidon de honor*, *polka*, *curacha*, *habanera*, *jota*, at *cariňosa*.
- Pagiging tanyag ng mga Pilipinong pintor tulad ni Juan Luna at Felix Resurreccion Hidalgo sa larangan ng pagpinta.

**Panitikan**

- Pagkahilig ng mga Pilipino sa mga awit, korido, at pasyon. Awit ang tawag sa mahabang tulang pasalaysay. Ang korido naman ay isa ring anyo ng tulang pasalaysay na binubuo naman ng walong pantig at binibigkas sa kumpas ng martsa o *allegro* . Samantala, ang pasyon ay isang librong naglalaman ng mga pahayag hinggil sa pagpapasakit at kamatayan ni Kristo.
- Pagpapakilala sa mga Pilipino ng mga dulang kanluranin tulad ng sarsuwela, moro-moro, at senakulo. Ang sarsuwela ay dulang may salitaan, awitan, at sayawang may romantikong istorya. Ang moro-moro ay dulang tungkol sa labanan ng mga Muslim at Kristiyano. Ang senakulo naman ay dulang may kinalaman sa buhay ni Kristo.

## *Pagyamanin*

Basahin ang bawat sitwasyon at piliin ang tamang kasagutan sa sumusunod na katanungan: Alin sa mga pangungusap sa ibaba ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagbabago sa panahanan ng mga Pilipino sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol? Ilista lamang ang mga letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

A.) Napapahalagahan ang pagbabago sa panahanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga Pilipino sa Katolisismo. Pagsamba sa iisang Diyos at pagdarasal bago kumain ay nakagawian na ng mga Pilipino bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap.

B.) Napapahalagahan ang mga pagbabago sa panahanan sa pamamagitan ng pagsunod ng mga Pilipinong nakatira sa kweba at liblib na lugar sa kagustuhan ng mga paring Espanyol na lumipat sila sa mga pueblo.

C.) Napapahalagahan ang mga pagbabago sa panahanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpriserba o pagpapanatili sa mga antigong bahay, at mga gusali na naiwan ng mga Espanyol.

D.) Napapahalagahan ang mga pagbabago ng mga panahanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpapanatili sa kultura at kayarian ng mga bahay na itinayo sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol hanggang sa kasalukuyan.

E.) Napapahalagahan ang mga pagbabago ng mga panahanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagsira sa mga lumang bahay na naiwan ng mga Espanyol.

## *Isaisip*

Nagkaroon ng maraming pagbabago sa lipunan sa ilalim ng kolonyal na pamamahala ng Espanya sa Pilipinas. Ito ay mga pagbabago na mayroong kinalaman sa halos lahat ng paraan ng pamumuhay ng mga katutubong Pilipino. Ito ay mga pagbabago na naghatid sa atin sa bagong paniniwala, kultura, at tradisyon.

## *Isagawa*

Panuto: Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagpapahalaga ng kulturang Pilipino? Ilista lamang ang mga titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

A. Ang mga mag-aaral sa ikalimang baitang ay masigasig na sumali sa patimpalak ng pagbigkas ng tulang Pilipino.

B Nagmamano sina Berto at Maria sa kanilang lolo at lola pagdating nila galing sa paaralan.

C. Sa pangalan lang tinawag ni Myrna ang kanyang nakatatandang kapatid na lalaki.

D.

Nagsisimba tuwing Linggo ang buong pamilya nina Mang Ador.

E.

Tulong-tulong ang mga tao sa aming barangay sa pagsasaayos ng mga bahay na nasira ng bagyo.



## *Tayahin*

**A.** **Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang salitang **TAMA** kung ang pahayag ay nagpapaliwanag ng impluwensiya ng kulturang Espanyol sa kulturang Pilipino at **MALI** naman kung hindi.

________1.) Mula sa bahag ay natutong gumamit ng barong at saya ang mga Pilipino.

________2.) Gumamit ang mga Pilipino ng bato at matitigas na kahoy sa paggawa ng kanilang mga tahanan.

________3.) Naging tanyag ang mga Pilipinong pintor tulad nina Juan Luna at Felix Resurreccion Hidalgo dahil sa impluwensiya ng mga Espanyol.

________4.) Sa panahon ng kolonyalismo, isinawalang bahala ng karamihan ng mga katutubong pamayanan ang Kristiyanismo.

________5.) Napalitan ang pamahalaang barangay ng pamahalaang sentralisado noong panahon ng mga Espanyol.

**B.** **Panuto:** Ibigay ang hinihinging kasagutan ayon sa mga pahiwatig. Gawin ito sa sagutang papel.

1.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **S** | | **N** | | **K** | **U** | | **O** |

Ito ay dula tungkol sa pagpapasakit ni Hesukristo sa krus.

2.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **P** | **A** | **S** | | **O** | **N** |

Ang tulang inaawit patungkol sa buhay at pagpapasakit ni Kristo.

3.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | | **G** | **H** | | **H** | | **R** | **A** | **N** | **A** |

Ang pag-awit ng kundiman sa tapat ng bahay ng dalagang nililigawan.

4.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **P** | **A** | | | **O** |

Ang tawag sa panahon na ipinagdiriwang ang kapanganakan ni Hesukristo.

5.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | **R** | | **S** | **I** | **S** | | **O** | **N** |

Ang tawag sa pagparada ng mga Poon sa panahon ng pista.


## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Isulat sa loob ng mga kahon ang mga salitang Espanyol na mababasa sa talata. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.


**WIKA**

Paglaganap ng wikang Espanyol sa bansa kung saan maraming salitang Espanyol ang naging bahagi na ng ating wika tulad ng mesa, silya, bintana, sabon, tasa, kutsilyo, mantekilya, kabayo, at marami pang iba.


1.)




2.)




3.)



4.)



5.)



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1.) T
2.) M
3.) T
4.) T
5.) M
6.) T
7.) T
8.) T
9.) M
10.) T

**Balikan**

1 3 4 5

**Tuklasin**

1.) C-KABISERA
2.) D-ADOBE
3.) B-PLAZA
4.) E-BATO AT BUHANGIN
5.) A-BAHAY NA BATO

**Pagyamanin**

A B C D

**Isagawa**

A
B
D
E

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1.) TAMA | 6.) SENAKULO |
| 2.) TAMA | 7.) PASYON |
| 3.) TAMA | 8.) PAGHAHARANA |
| 4.) MALI | 9.) PASKO |
| 5.) TAMA | 10.) PRUSISYON |

**Karagdagang Gawain**

1.) Bintana
2.) Mantekilya
3.) Silya
4.) Mesa
5.) Kutsilyo

# *Sanggunian*


- DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016
- Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL., *Pilipinas Bilang Isang Bansa*, Vibal Group, 2016.
- Julian, Ailene B., Lontoc, Nestor S., *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino*, Phoenix Publishing House,Inc. , 2018

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph